

# Protocol para Professional Sports Leagues at mga Pasilidad na Magbubukas para sa mga Training Sessions at Spectator-Free Events (Walang Manonood na mga Laro) : Appendix S

Simula Friday, June 12, 2020

Ang mga pangangailangan sa ibaba ay partikular para sa mga professional sports league at mga pasilidad. Karagdagan sa mga pinataw na mga kondisyon para sa professional sports leagues ng State Public Health Officer, at ng mga protocol ng COVID-19 na pinagkasunduan ng labor at ng management, mga sports league ay dapat din na sumunod sa mga protocol ng kaligtasan ng mga empleyado at ng kontrol ng impeksyon.

- Mga Sports League na nag-ooperayt ay dapat sumunod sa Protocol ng In-Person Shopping (Appendix B).
- Mga Sports Leagues na may sariling opisina ay dapat sumunod sa Office Worksite Protocols (Appendix G).
- Mga Sports League na nagaalok ng concessions, catering at nag-ooperayte ng mga restawran ay dapat sumunod sa protocol ng Restawran na Dine-In (Appendix H).

Paki tala: Itong dokumentong ito ay maaring baguhin sa pagdating ng mga karagdagang impormasyon at mga resources kaya tiyakin na subaybayan ang Long Beach Covid-19 website sa [www.longbeach.gov/covid19](http://www.longbeach.gov/covid19) ng madalas para sa mga pagbabago sa dokumentong ito.

Sakop ng checklist na ito ang mga:

- (1) Patakaran at mga pagsasagawa para maprotektahan ang kalusugan ng mga empleyado
- (2) Mga hakbang para masegurado ang physical distancing
- (3) Mga hakbang para masegurado ang pagkontrol ng impeksyon
- (4) Komunikasyon sa mga empleyado at publiko
- (5) Mga hakbang para masegurado ang pantay-pantay akses sa mga serbisyong kritikal

Ito ang limang importanteng bahagi na kailangan matugunonan sa paggawa ng mga protocol ng inyong pasilidad.

**Mga sports league at mga pasilidad ay dapat mag-implementa ng lahat ng angkop ng mga hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa sa pagpaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na hindi na implementa ay hindi naaangkop**

Pangalan ng Negosyo:

Direksyon ng Negosyo:

**PARA IREPORT ANG PAGLABAG  
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O  
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

**A. MGA PATAKARAN SA TRABAHO AT MGA PAGSASAGAWA PARA MAPROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN NG EMPLEYADO (LAGYAN NG CHECK ANG ANGKOP SA PASILIDAD)**

- Lahat ng maaring magtrabaho sa kanilang mga bahay ay inatasan na gawin na ito.
- Mga bulnerableng mga tauhan (yung mga may idad lampas 65 at may mga pabalikbalik na kondisyong pangkalusugan) ay inatasan na maaaring gawin ang trabaho sa bahay kung kailanman posible.
- Mga proseso ng trabaho ay binago nang madagdagan ang oportunidad ng mga empleyado na magtrabaho sa bahay.
- Salinsinsinan, o di sabay sabay na mga iskedyul ay naitaguyod ng masagad ang physical distancing.
- Lahat ng mga empleyado (kasama ang mga players, mga tauhan sa coaching, medical, broadcast, facility, at operasyon, o tinatatwag na mga empleyado) ay nasabihan na huwag pumasok kung may sakit o kung sila ay lumapit sa isang taong may COVID-19.
- Pag-check ng sintomas ay gagawin bago pumasok ang mga empleyado, players at mga bisita. Kasama ang pag-check ang pagtanong kung may ubo, maikling paghinga, o lagnat at iba pang sintomas na nararanasan ng empleyado. Ang pag-check na ito ay maaring gawin sa labas o sa pagdating nag indibidwal. Ang pag-check ng temperature ay kailangan gawin sa lugar ng trabaho kung maaari.
- Kung kayo ay nasabihan na isa o mas madami pang empleyado o players ang nag positibo, o may sintomas na kaparehas ng COVID-19 (kaso), ang employer ay may plano o protocol na naisalugar na mag-isolate ang may kaso sa kanilang bahay at kinakailangan din ang agarang pag-quarantine ng lahat ng empleyado na nilapitan sa trabaho ng may kaso. Dapat bigyan ng konsiderasyon ng employer ang plano para sa lahat ng naka-quarantine na empleyado na magkaroon ng akses o ma-test para sa COVID-19 para malaman kung may mga iba pang nahawa sa trabahao, at baka mangailangan ng karagdagang hakbang sa pagkontrol ng COVID-19.
- Lahat ng mga empleyado at players ay aalokin ng libreng pantakip sa mukha. Ang takip ay suot ng empleyado sa lahat ng oras ng trabaho kung may malapit na tao o kung may lalapitang iba, pwera lang sa mga aktibidad pisikal, mga ensayo, laro, ang mga players ay walang suot na maskara.
- Kung sakaling may 3 o mahigit pa na mga kaso na napag-alaman sa trabaho sa loob ng 14 araw, dapat ireport ito ng employer sa Long Beach Department Health and Human Services 562-570-INFO.
- Mga workstations sa pasilidad ay may layong anim na talampakan sa isa't isa.
- Bigyan ng konsiderasyon ang madalas na testing ng mga empleyado at mga player para mabawasan ang panganib ng pagkalat ng COVID-19. Mga empleyoyer ay responsable sa pagbigay ng libreng testing sa mga empleyado at players.
- Ang mga teams ay magbibigay ng plano sa Long Beach Department of Health at Human Services para sa mga sporting events na walang mga manonood, dalawang linggo bago maganap ang sporting event.
- Mga locker rooms, weight rooms, training rooms, mga restroom at iba pang mga karaniwang lugar ay ididisinfect sa sumusunod na iskedyul:
  - Locker rooms \_\_\_\_\_
  - Weight rooms \_\_\_\_\_
  - Training rooms \_\_\_\_\_
  - Restroom \_\_\_\_\_
  - Iba pa \_\_\_\_\_
- May mga disinfectant at iba pang katulad na produkto para sa mga empleyado sa mga sumusunod na

**PARA IREPORT ANG PAGLABAG  
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O  
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

lokasyon :

---

- May hand sanitizer na mabisa laban sa COVID-19 para sa lahat ng empleyado sa mga sumusunod na lokasyon:  

---
- Ang mga empleyado ay kinakailangan at binibigyan ng sapat na oras para maghugas ng mga kamay sa bawat 30 minutos, o kung kailan kailangan kapag may gwantes. Kung ang panghugas ay di magawa, mayroon hand sanitizer na may 60% alcohol na para sa empleyado.
- Ang kopya ng protocol na ito, ay naipamigay na sa mge empleyado.
- Bawat trabahador ay binigyan ng sarili nilang equipment at eksaktong lugar ng pagtrarahuhan. Binawasan ang pangagailangan na makipaghiraman ng mga kagamitan.
- Mga personal na bagay (e.g., lalagyan ng tubig, twalya, uniporme, atbp.) ay hindi maaaring ipagamit sa iba.
- Opsyonal - Isalarawan ang iba pang mga hakbang:  

---

## **B. MGA HAKBANG PARA MASEGURADO ANG PHYSICAL DISTANCING**

- Ang bilang ng tao sa isang kwarto sa pasilidad (hal. meeting rooms, weight rooms, courts, cafeterias, gyms, atbp.) ay limitado sa ano mang oras, nang madaling mapanatili ang anim na talampakan na distansya sa isa't isa o walong talampakan na distansya kung may aktibidad pisikal.
- Akses sa pasilidad ay limitado lamang sa mga empleyadong esensyal, at kung maari, ang mga empleyadong esensyal limitado lang sa partikular na lugar sa loob ng pasilidad batay sa kanilang trabaho at gawain.
- Mga teams ay mayroong detalyadong listahan ng mga taong nasa pasilidad ng team sa kahit anong araw. Kasama ang pangalan, impormasyon ng kontak, telepono at email.
- Mga bisita sa pasilidad ay hindi papayagan, kung maiiwasan, pero kung ang bisita ay papasukin, ang team ay may record ng mga pangalan ng bisita at impormasyon na may numero ng telepono at email.
- Lahat ng mga players, coaches, training staff, at iba pang mga empleyado ay nabigyan ng instruksyon na magpanatili ng di kukulang na anim na talampakan na distansya sa isa't isa sa lahat ng oras. Kapag may mga aktibidad pisikal ang mga players (hal. workout, training, atbp.) panatiliin ang walong talampakan na distansya mula sa ibang mg empleyado.
- Mayroong tape at iba pang mga marka ng makatulong sa mga players at mga empleyado sa pangpanatili ng angkop na physical distance.
- Mga workstations sa pasilidad ay pinahihawigwalay ng anim na talampakan at ang mga karaniwang lugar ay isinaayos ng milimita ang mga pagtitipon ng mga empleyado at mga players at ng masegurado ang physical distancing ng anim na talampakan.
- Kung kakayanin, ang pasilidad ay isinaayos nang mabawasan ang mga pagkakataon na ang mga players at empleyado ay magkalapitan sa isa't isa kapag gumagalaw sa pasilidad (hal. paglagay ng mga one-way na daanan na may mga karatula ng direksyon, mga pinto na may "entrance" o "exit" o hagdanan na may "up" o "down").
- Kapag may weight training o fitness training sessions, panatiliin ang walong talampakan sa pagitan ng isa't isa. Kung kaya, ang mga training staff ay magpapanatili ng anim na talampakan mula sa isa't isa at walong talampakan mula sa mga players sa oras ng training at mga pisikal na gawain. Maaaring lumapit ng panadalian ang mga empleyado para sa mga treatment o mga weight sessions.

**PARA IREPORT ANG PAGLABAG  
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O  
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

- Habang may practice o training, ang mga player ay may sapat na physical distance sa bawat isa kung posible.
- Kung kakayanin, ang mga pagpractice ng team ay isasagawa nang mabawasan ang pisikal na kontak sa mga players at ibang tao.
- Pag mga larong intra-squad, ang kapasidad ng pasilidad ay limitado sa mga empleyadong esensyal.
- Kapag may laro na walang nanood, ang kapasidad ng pasilidad ay limitado sa mga esensyal na tao para sa operasyon ng laro (hal. TV/radio broadcast crews, event/operations crews, team coaching staff, medical staff, athletes) at kung posible hindi lalagpas sa 300 katao. Kung kakayanin, lahat ng taong pinapasok ay may instruksyon na magpanatili ng anim na talamapakan at ang akses sa pasilidad ay limitado sa ilang lugar lamang.
- Mayroong tape at iba pang mga marka ng makatulong sa mga players at mga empleyado sa pagpanatili ng angkop na physical distance.
- Habang may laro, ang lugar ng mga players ay seated-off field (wala sa court, tulad ng bench, dugout, bullpen). Ito ay isinaayos para makapagpanatili ng physical distance na anim na talamapakan).
- Ang mga workstations ng mga empleyado sa pasilidad ay pinaghiwalay ng di kukulang sa anim na talamapakan at ang mga karaniwang lugar ay inayos ng malimita ang mga pagtitipon ng mga empleyado at mga players ang maseguro ang physical distancing na anim na talamapakan.
- Kung kaya, hiwahiwalay ang mga espasyo sa parking lot at garahe nang magkaroon ng distansya sa pagitan ng mga kotse (hal. bakanteng espasyo sa pagitan ng bawat kotse).

### **C. MGA HAKBANG SA PAGKONTROL NG IMPKESYON**

- Ang HVAC system ay nasa mabuting kondisyon; na sa pinakamalakas na kakayahan. Bigyang konsiderasyon ang pagpalagay ng mga malakas na portable air cleaners, pahusayin ang mga air filters ng gusali, buksan ang mga bintana at mga pinto at gumawa ng iba pang mga modipikasyon para madagdagan ang hangin at bentilasyon sa mga opisina at iba pang mga lugar.
- Mga karaniwang lugar at mga madalas hawakang mga bagay (hal. mesa, doorknob o hawakan, switch ng ilaw, atbp.) ay dinidisinfect bawat oras habang bukas ang negosyo gamit ang aprobadong disinfectant ng EPA at alinsunod sa mga instruksyon ng manufacturer.
- Fitness, training at mga weight sessions ay nakaskekyul para mara malimita ang dami ng tao sa isang tao sa isang panahon nang makapaglaan ng sapat na oras sa bawat session (di kukulang sa 30 minutos) para sa matinding pagdisinfect ng kwarto sa bawat session.
- Treatment (e.g. physical therapy o masahe) ay pinapayagan para lamang sa mga urgent na mga pagtherapy. Mga trainers ay katrabaho ng mga players ng malaman ang mga ibang pang mga paraan maliban sa pagmasahe para sa injury management.
- Lahat ng mga equipment pang practice (mga bola) at mga equipment pang fitness (foam roller, weight room, at mga work out equipment) ay dinidisinfect ng mabuti sa bawat gamit ng players, kung maaari, walang hiraan.
- Kung kakayanin, lahat ng mga equipment, mga bola, bats ay palaging didisinfect o pinapalitan habang may laro
- Mga players, coach at iba pang mga empleyado ay hindi hinihikayat ng mga di kinakailangang kontak na pisikal sa isa't isa (tulad ng pag-high five, kamayan, fist bumps atbp.)
- Ang buong pasilidad (locker rooms, medical rooms, fitness rooms, weight rooms, atbp.) ay nililinis araw-araw, sa bawat mga grupo ng training, mga restrooms at mga madalas na hinihipong lugar/bagay

**PARA IREPORT ANG PAGLABAG  
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O  
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

ay nilinlins ng mas madalas kung ang pasilidad ay ginagamit.

- Mayroong hand sanitizer, tisyu at mga basurahan para sa mga empleyado at malapit sa pasukan ng pasilidad.

#### D. MGA HAKBANG NG KOMUNIKASYON SA PUBLIKO

- May kopya ng protocol na ito na nakapaskil sa lahat ng pasukan sa pasilidad.
- May karatula na aabiso sa publiko na walang aksesong pampubliko sa pasilidad at ang publiko ay di dapat magtipon-tipon sa labas ng pasilidad. Kung kakayanin, pagsasabihan ng mga security ang publiko na huwag umali-aligid sa kapaligiran ng pasilidad.

#### E. MGA HAKBANG SA PANTAYPANTAY NA AKSESO SA MGA SERBISYONG KRITIKAL

- Hindi bukas sa publiko, hindi naangkop sa panahon na ito.

**Ano pa mang mga karagdagang mga hakbang na hindi naisama sa itaas ay dapat ilista sa hiwalay na mga pahina, ilalakis ng negosyo sa dokumentong ito.**

**Maaari niyong kontakin ang sumusunod na tao para sa mga katanungan o komento higgil sa protocol na ito.**

**Pangalang ng Kontakto:**

---

**Telepono:**

---

**Petsa ng huling pagbago:**

---

**PARA IREPORT ANG PAGLABAG  
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O  
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**